blue california
Promise Health Plan

<Date>

<sub_full_name>
<sub_addr_line_one>
<sub_addr_line_two>
<sub_addr_city>, <sub_addr_state> <sub_addr_zip>

ID ng Miyembro: <Member #>
Rx ID: <RxID>
Rx GRP: E0001002
Rx BIN: 004336
Rx PCN: 77993322

Mahalaga: Ikaw ay nagpatala sa isang bagong plano para sa iyong mga Serbisyo ng Medicare at Medi-Cal. Ingatan ang sulat na ito bilang patunay ng iyong saklaw.

<Name>:

Maligayang pagdating sa Blue Shield Promise Cal MediConnect Plan (Medicare-Medicaid Plan)!

Simula <**effective date**>, magkakaroon ka ng isang plano sa kalusugan ng Cal MediConnect na dinesenyo upang bigyan ka ng pulido, mataas na kalidad na pangangalaga nang walang karagdagang gastos sa iyo. Ang Blue Shield of California Promise Health Plan ay isang planong pangkalusugan na kumokontrata sa parehong Medicare at Medi-Cal upang ibigay ang mga benepisyo ng parehong mga programa sa mga nakalista.

Kabilang sa iyong bagong saklaw ay:

- Ang iyong mga benepisyo sa Medicare, kabilang ang mga iniresetang gamot
- Ang iyong mga benipisyo sa Medi-Cal, kabilang ang mga pangmatagalan serbisyo at suporta (LTSS) na tutulong sa iyo sa patuloy na mga pangangailangan sa personal na pangangalaga. Kabilang sa LTSS ang Community-Based Adult Services (CBAS, Mga Serbisyo sa Matatanda na Nakabase sa Komunidad), mga serbisyong makatutulong sa iyo na manatili sa tahanan hangga't maaari. Kabilang din dito ang pangangalaga sa nursing home kung ito ay iyong kailangan.
- Ang pinili mong mga doktor at iba pang mga tagapagbigay sa loob ng aming network na nagtutulungan upang bigyan ka ng pangangalaga na iyong kailangan.
- Mga karagdagang benepisyo at serbisyo katulad ng pangangalaga sa paningin, mga serbisyo sa transportasyon at isang care navigator at iba pang mga serbisyong sinasaklaw katulad ng mga tulong sa pandinig, pagiging miyembro ng samahang pang-kalusugan at mga klase sa kalakasan ng katawan, allowance na over-the-counter, pandaigdigang saklaw sa emergency at marami pa.
- Matibay na Kagamitang Medikal, tulad ng mga saklay, walker, at wheelchair.

H0148_22_143_C_TA_091222

Ang sulat na ito ay patunay ng iyong bagong saklaw. Mangyaring dalhin mo ang sulat na ito sa parmasya o pagbisita sa tanggapan hanggang makuha mo ang iyong ID Card ng Miyembro mula sa amin. Kung ikaw ay may mga katanungan, tawagan ang Pangangalaga ng Kostumer ng Blue Shield Promise Cal MediConnect Plan sa (855) 905-3825 (TTY: 711), 8 a.m. hanggang 8 p.m., pitong araw sa isang linggo.

Ano ang susunod na mangyayari?

Maaari mo nang simulang gamitin ang network ng mga tagapagbigay ng pangunahing pangangalaga ng Blue Shield Promise Cal MediConnect Plan at mga parmasya para sa lahat ng iyong serbisyo ng pangangalaga sa kalusugan at iniresetang gamot simula <**effective date**>. Kung kinakailangan mo ng pangangalagang pang-emergency o biglaang kailangan, o mga serbisyo ng dialysis na nasa labas ng lugar, maaari mong gamitin ang mga tagapagbigay na wala sa network ng Blue Shield Promise Cal MediConnect Plan.

Upang makatulong sa paglipat sa Blue Shield Promise Cal MediConnect Plan, maaari mong ipagpatuloy ang pakikipagkita sa mga doktor na pinupuntahan mo

Mahalagang Impormasyon:
Sa Enero 1, 2023, ang Blue Shield TotalDual Plan (HMO D-SNP) na ang plano mo sa halip na Blue Shield Promise Cal MediConnect Plan. Ang kumpanyang nagbibigay ng kasalukuyang plano mo ang magbibigay ng bago mong plano. Ang bago mong plano ay tinatawag na Medicare Medi-Cal Plan at ginawa ito para mag-ugnay ng pangangalaga para sa mga taong may Medicare at Medi-Cal. Posibleng kilala mo ito bilang “Medi-Medi”. Patuloy mong matatanggap ang mga kasalukuyan mong benepisyo sa pangangalagang pangkalusugan.

Kukunin mo ang lahat ng serbisyo mo sa pamamagitan ng Cal MediConnect hanggang sa Disyembre 31, 2022. Pagkatapos, sa Enero 1, 2023, magsisimula ka nang kumuha ng mga serbisyo sa pamamagitan ng Medicare Medi-Cal Plan mo.

Lubos na magkatulad ang Medicare Medi-Cal Plan at ang iyong plano sa Cal MediConnect.

- Makukuha mo pa rin ang mga benepisyo sa pangangalagang pangkalusugang nakukuha mo ngayon.
- Makakagamit ka ng network ng provider na kinabibilangan ng marami sa mga provider na nasa iyong plano sa Cal MediConnect.
- Hindi ka magbabayad ng premium para sa planong ito. Hindi mo babayaran ang mga pagbisita sa doktor o iba pang medikal na pangangalaga kung pupunta ka sa provider na nasa network ng provider ng planong pangkalusugan mo.
- Kung ang kasalukuyang Doktor sa Pangunahing Pangangalaga (PCP) mo ay nasa network ng bagong plano, puwede kang patuloy na pumunta sa kaniya para sa mga pangangailangan mo sa pangangalagang pangkalusugan. Kung ang PCP mo ay wala sa network ng bago mong plano, puwede mong itanong sa bago mong plano kung puwede kang pumunta sa kasalukuyang PCP mo nang hanggang sa isang taon. Puwede ka ring tulungan ng planong mong maghanap ng ibang PCP na gusto mo kung hindi sasali ang PCP mo sa network ng plano mo.

Makakatanggap ka ng karagdagang impormasyon mula sa Blue Shield Promise Cal MediConnect Plan kaugnay ng Medicare Medi-Cal Plan sa isang hiwalay na abiso.

WALA kang kailangang gawin para magpatala sa bagong Medicare Medi-Cal Plan. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga pagbabagong ito, pakitawagan ang Blue Shield Promise Cal MediConnect Plan sa (855) 905-3825 (TTY: 711), 8 a.m. hanggang 8 p.m., pitong araw sa isang linggo.

ngayon sa loob ng labindalawang (12) buwan mula sa petsa ng pagka-epektibo ng iyong pagpapatala sa Blue Shield Promise Cal MediConnect Plan. Makipag-ugnayan sa Pangangalaga ng Kostumer ng Blue Shield Promise Cal MediConnect Plan (855) 905-3825 (TTY: 711), 8 a.m. hanggang 8 p.m., pitong araw sa isang linggo para sa impormasyon kung paano gagawin ito.

Ikaw ay magkakaroon din ng access sa isang 30-araw na suplay ng mga niresetang gamot na kasalukuyan mong iniinom sa unang 90 araw mo sa plano kung ikaw ay umiinon ng gamot na wala sa listahan ng aming Listahan ng Saklaw na mga Gamot, kung ang mga panuntunan ng planong pangkalusugan ay hindi nagpapahintulot sa iyo na kunin ang dami na iniutos ng iyong doktor, o kung ang gamot ay nangangailangan ng paunang pag-apruba ng Blue Shield Promise Cal MediConnect Plan.

Kabilang sa kit ng bagong miyembro ang:

- Buod ng mga Benepisyo
- Mga tagubilin sa pagkuha ng karagdagang impormasyon tungkol sa mga gamot sa aming Listahan ng Saklaw na mga Gamot
- Mga tagubilin sa pagkuha ng karagdagang impormasyon tungkol sa mga tagapagbigay at parmasya sa aming network
- Handbook ng Miyembro (Katibayan ng Saklaw)

Bago <**enrollment effective date**>, kami ay magpapadala sa iyo ng isang ID Card ng miyembo.

Ang up-to-date na kopya ng Handbook ng Miyembro (Katibayan ng Saklaw) ay laging matatagpuan sa aming website sa www.blueshieldca.com/promise/calmediconnect. Puwede mo ring tawagan ang Pangangalaga sa Kostumer sa (855) 905-3825 (TTY: 711), 8 a.m. hanggang 8 p.m., pitong araw sa isang linggo para hilingin sa aming padalhan ka sa mail ng Handbook ng Miyembro.

Magkano ang dapat kong bayaran para sa Blue Shield Promise Cal MediConnect Plan?

Hindi mo kailangang magbayad ng premium ng plano, maibabawas, o mga copay kapag kukuha ng mga serbisyo sa kalusugan sa pamamagitan ng tagapagbigay ng Blue Shield Promise Cal MediConnect Plan.

Magkano ang dapat kong bayaran para sa reseta ng mga gamot?

Kung ikaw ay kukuha ng mga niresetang gamot sa aming parmasya sa network, hindi ka magbabayad ng higit sa **$3.95** sa bawat pagkakataon na kukuha ka ng generic na gamot na saklaw ng Blue Shield Promise Cal MediConnect Plan at hindi hihigit sa **$9.85** sa bawat pagkakataon na kukuha ka ng gamot na may pangalan ng brand na saklaw ng

Blue Shield Promise Cal MediConnect Plan. Ang mga copay para sa resetang mga gamot ay maaaring mag-iba batay sa antas ng Karagdagang Tulong (Extra Help) na iyong nakukuha. Mangyaring makipag-ugnayan sa Blue Shield Promise Cal MediConnect Plan para sa karagdagang mga detalye.

Paano ako pipili ng pangunahing tagapagbigay ng pangangalaga?

Upang pumili ng iyong Pangunahing Tagapagbigay ng Pangangalaga (PCP), maaari mong tingnan ang Direktoryo ng Tagapagbigay at Parmasya ng Blue Shield Promise Cal MediConnect Plan sa aming website sa www.blueshieldca.com/promise/calmediconnect o tawagan ang Pangangalaga ng Kostumer para sa tulong.

Makukuha mo ang iyong kinaugalian o pangunahing pangangalaga mula sa iyong PCP. Maaari ring itugma ng iyong PCP ang natitirang saklaw na mga serbisyo na iyong kailangan.

Ang mga PCP ng aming plano ay mga kaakibat ng mga grupong medikal. Kapag pipili ng iyong PCP, pumipili ka rin ng kaakibat na grupong medikal. Nangangahulugan ito na isasangguni ka ng iyong PCP sa mga espesyalista at serbisyong kaakibat din ng kanyang grupong medikal. Kung gayon, kung mayroon kang partikular na espesyalista o ospital ng Blue Shield Promise Cal MediConnect Plan na gustong gamitin, importanteng malaman mo kung ang mga ito ay kaakibat ng grupong medikal ng iyong PCP.

Kung kailangan mo ng pangangalagang espesyal o karagdagang mga serbisyo na hindi maibibigay ng iyong PCP, siya ay magbibigay sa iyo ng referral. Sa halos lahat ng kaso, kailangan mong makipagkita sa iyong PCP upang makakuha ng referral bago ka makipagkita sa iba pang mga tagapagbigay ng pangangalaga ng kalusugan o bumisita sa isang espesyalista. Kapag ang referral na ito ay naaprubahan ng grupong medikal ng iyong PCP, maaari kang makipagkita sa espesyalista o iba pang tagapagbigay upang kumuha ng gamutan na iyong kailangan. Ipapaalam ng espesyalista sa iyong PCP kung nakumpleto mo na ang iyong gamutan o serbisyo upang maaari nang ipagpatuloy ng iyong PCP ang pamamahala ng iyong pangangalaga.

At, kailangang kumuha ng iyong PCP ng maagang pag-apruba sa plano para makuha mo ang partikular na mga serbisyo. Ang maagang pag-apruba na ito ay tinatawag na “paunang pahintulot.” Halimbawa, ang paunang pahintulot ay kinakailangan para sa lahat ng inpatient na pananatili sa ospital na hindi pang-emergency. Sa ilang mga kaso, ang grupong medikal na kaakibat ng iyong PCP, sa halip na ang aming plano, ay maaaring magpahintulot sa iyong serbisyo.

Maaari kang kumuha ng partikular na mga serbisyo nang hindi muna nakakakuha ng pag-apruba mula sa iyong PCP, katulad ng: mga serbisyong pang-emergency, agarang kinakailangang pangangalaga, mga serbisyo ng dialysis sa bato mula sa setipikadong pasilidad ng dialysis ng Medicare, mga bakuna sa trangkaso, mga bakuna sa hepatitis

B at pulmunya, kinaugaliang pangangalaga sa kalusugan ng mga babae, mga serbisyo sa pagpaplano ng pamilya, atbp.

Paano kung ako ay may mga katanungan tungkol sa saklaw o mga tagapagbigay ng Blue Shield Promise Cal MediConnect Plan?

- Tawagan ang Pangangalaga ng Kostumer ng Blue Shield Promise Cal MediConnect Plan sa (855) 905-3825, 8 a.m. hanggang 8 p.m., pitong araw sa isang linggo.
- Tawagan ang 711 kung ikaw ay gumagamit ng TTY.
- Bisitahin ang www.blueshieldca.com/promise/calmediconnect.

Paano kung ako ay may iba pang saklaw ng kalusugan at resetang gamot?

Kung ikaw ay may iba pang saklaw para sa kalusugan o gamot, halimbawa mula sa isang employer o unyon, maaaring tuluyang mawala sa iyo at sa mga umaasa sa iyo ang inyong iba pang saklaw para sa kalusugan o gamot at hindi ito maibabalik kung ikaw ay sasali sa Blue Shield Promise Cal MediConnect Plan.

- Kabilang sa iba pang uri ng saklaw sa kalusugan at gamot ang TRICARE, Department of Veterans Affairs (Kagawaran ng Ugnayan ng mga Beterano), o isang policy ng Medigap (Seguro sa Pandagdag sa Medicare).
- Makipag-ugnayan sa administrador ng mga benepisyo ng iba pang saklaw ng kalusugan/gamot kung ikaw ay may mga katanungan tungkol sa iyong saklaw.
- Kung gusto mong kanselahin ang iyong pagpapatala sa Blue Shield Promise Cal MediConnect Plan, kailangan mong tawagan ang mga Health Care Options sa 1-844-580-7272, Lunes hanggang Biyernes mula 8 a.m. hanggang 6 p.m. Tawagan ang 1-800-430-7077 kung ikaw ay gumagamit ng TTY.

Maaari ko bang iwanan ang Blue Shield Promise Cal MediConnect Plan matapos ang <effective date>?

Oo. Maaari mong iwanan ang Blue Shield Promise Cal MediConnect Plan o pumili ng isang bagong Cal MediConnect **anumang oras sa loob ng taon** sa pamamagitan ng pagtawag sa Health Care Options sa 1-844-580-7272, Lunes hanggang Biyernes mula 8 a.m. hanggang 6 p.m. Tawagan ang 1-800-430-7077 kung ikaw ay gumagamit ng TTY.

Kung ikaw ay aalis sa Blue Shield Promise Cal MediConnect Plan at ayaw magpatala sa isa pang plano ng Cal MediConnect, ang iyong saklaw ay matatapos sa huling araw ng buwan matapos mo kaming sabihan. Kung ikaw ay aalis sa Blue Shield Promise Cal MediConnect Plan at hindi sumali sa isang kalusugang Medicare o plano sa resetang gamot ikaw ay magiging saklaw sa ilalim ng Original Medicare at ipapatala ka ng

Medicare sa plano ng resetang gamot ng Medicare.

Paano kung gusto kong sumali sa ibang plano ng Cal MediConnect?

Kung gusto mong patuloy na makuha ang iyong mga benepisyo sa Medicare at Medi-Cal nang magkasama sa isang solong plano, maaari kang sumali sa ibang plano ng Cal MediConnect. Upang magpatala sa ibang plano ng Cal MediConnect, tawagan ang Health Care Options sa 1-844-580-7272, Lunes hanggang Biyernes mula 8 a.m. hanggang 6 p.m. Tawagan ang 1-800-430-7077 kung ikaw ay gumagamit ng TTY. Sabihin mo sa kanila na gusto mong iwanan ang iyong kasalukuyang plano sa Cal MediConnect at sumali sa ibang plano ng Cal MediConnect. Kung hindi ka sigurado kung ano ang plano na gusto mong salihan, masasabi nila sa iyo ang tungkol sa iba pang mga plano sa iyong lugar.

Ano ang mangyayari sa aking Medicare kung ako ay aalis sa Blue Shield Promise Cal MediConnect Plan?

Kung ikaw ay aalis sa Blue Shield Promise Cal MediConnect Plan at hindi sumali sa planong kalusugan o resetang gamot ng Medicare, ikaw ay magiging saklaw sa ilalim ng Original Medicare at ipapatala ka ng Medicare sa plano ng resetang gamot ng Medicare. Kung gusto mong sumali sa planong kalusugan o resetang gamot ng Medicare, gustong mas malaman ang tungkol sa mga plano ng Medicare sa iyong lugar, o may mga katanungan tungkol sa Medicare:

- Tawagan ang 1-800-MEDICARE (1-800-633-4227), 24 oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.
- Tawagan ang 1-877-486-2048 kung ikaw ay gumagamit ng TTY.
- Bisitahin ang home page ng Medicare sa www.medicare.gov.

Ano ang mangyayari sa aking Medi-Cal kung aalis ako sa Blue Shield Promise Cal MediConnect Plan?

Dapat mayroon kang isang planong pangkalusugan ng Medi-Cal upang patuloy na makuha ang iyong mga serbisyo sa Medi-Cal, kabilang ang pang-matagalang mga serbisyo at suporta (LTSS) na tumutulong sa iyo sa patuloy na mga pangangailangan sa personal na pangangalaga. Kung aalis ka sa iyong plano ng Cal MediConnect, kailangan mong ipaalam sa Health Care Options kung anong plano ng pangangalaga na pinamamahalaan ng Medi-Cal ang gusto mong salihan.

Upang magawa ito, tawagan ang Health Care Options sa 1-844-580-7272, Lunes hanggang Biyernes mula 8 a.m. hanggang 6 p.m. Tawagan ang 1-800-430-7077 kung ikaw ay gumagamit ng TTY. Sabihin mo sa kanila na ayaw mong maitala sa Blue Shield Promise Cal MediConnect Plan at gusto mong sumali sa plano ng pangangalaga na pinamamahalaan ng Medi-Cal. Kung hindi ka sigurado tungkol sa kung anong plano ang gusto mong salihan, masasabi nila sa iyo ang tungkol sa iba

pang mga plano sa iyong lugar.

Paano kung kailangan ko ng tulong o karagdagang impormasyon?

- Para sa karagdagang impormasyon kaugnay ng mga saklaw na benepisyo, makipag-ugnayan sa Health Insurance Counseling and Advocacy Program (HICAP, Programa ng Pagpapayo at Adbokasiya sa Segurong Pangkalusugan) o sa ahente mo. Nagbibigay ang HICAP ng pagpapayo tungkol sa segurong pangkalusugan para sa mga senior citizen ng California. Tawagan ang toll-free na numero ng telepono ng HICAP, 1-800-434-0222, para sa referral sa iyong lokal na opisina ng HICAP. Ang HICAP ay isang serbisyong libreng ibinibigay ng Estado ng California.
- Kung kailangan mo ng tulong sa pagpapata sa isang plano ng Cal MediConnect o Medi-Cal, tawagan ang Health Care Options sa 1-844-580-7272, Lunes hanggang Biyernes mula 8 a.m. hanggang 6 p.m. Tawagan ang 1-800-430-7077 kung ikaw ay gumagamit ng TTY.
- Kung ikaw aynasa isang plano ng Cal MediConnect at kailangan mo ng karagdagang tulong, tawagan ang Medicare Medi-Cal Ombudsman Program (kilala rin bilang Cal MediConnect Ombuds Program) sa 1-855-501-3077, Lunes hanggang Biyernes, 9 a.m. hanggang 5 p.m. Tawagan ang (855) 847-7914 kung ikaw ay gumagamit ng TTY.

Ang Blue Shield of California Promise Health Plan ay isang planong pangkalusugan na komokontrata sa parehong Medicare at Medi-Cal upang magbigay ng mga benepisyo ng parehong mga programa sa mga nakalista.

Ito ay hindi kumpletong listahan. Ang impormasyon ng benepisyo ay isang maikling buod at hindi kumpletong paglalarawan ng mga benepisyo. Para sa karagdagang impormasyon makipag-ugnayan sa plano o basahin ang Handbook ng Miyembro ng Blue Shield Promise Cal MediConnect Plan.

Maaari mong makuha ang dokumentong ito nang libre sa ibang format, gaya ng malalaking letra, braille, o audio. Tawagan sa (855) 905-3825 (TTY: 711), 8 a.m. hanggang 8 p.m., pitong araw sa isang linggo. Ang tawag ay libre.

Abiso ng Tulong sa Wika

English:
ATTENTION: If you speak English, language assistance services, free of charge, are available to you. Call 1-855-905-3825 (TTY: 711), 8:00 a.m. to 8:00 pm., seven days a week. The call is free.

中文 (Chinese):
请留意：如果您说中文，可以免费获得语言协助服务。请拨打 1-855-905-3825（听障和语障专线：711），每周七天办公，早上 8:00 至晚上 8:00。此电话为免付费专线。

한국어(Korean):
주: 귀하가 한국어를 사용하시는 경우, 무료로 언어 지원 서비스를 이용하실 수 있습니다. 1-855-905-3825(TTY: 711)번으로 주 7 일, 오전 8 시부터 오후 8 시까지 전화하실 수 있습니다. 이 전화는 무료입니다.

Русский (Russian):
ОБРАТИТЕ ВНИМАНИЕ! Если Вы говорите по-русски, мы можем предложить Вам бесплатные услуги языковой поддержки. Звоните по телефону 1-855-905-3825 (TTY: 711) с 8:00 до 20:00 без выходных. Звонок бесплатный.

فارسی (Farsi):
توجه: اگر به زبان فارسی صحبت می کنید، خدمات امداد زبانی بدون اخذ هزینه در اختیار شما می باشد. با شماره 1-855-905-3825 (TTY: 711)، از ساعت 8:00 صبح تا 8:00 شب در هفت روز هفته تماس بگیرید. این تماس رایگان است.

भाषा (Hindi):
ध्यान: यदि आप भाषा बोलते हैं, तो आपके लिए भाषा सहायता सेवाएं निःशुल्क उपलब्ध हैं। फ़ोन करना 1-855-905-3825 (TTY: 711), सुबह 8:00 बजे से शाम 8:00 बजे तक, सप्ताह के सातों दिन। फ़ोन करना फ्री है।

Lus Hmoob (Hmong):
LUS CEEV: Yog koj hais Lus Hmoob, muaj kev pab txhais lus pub dawb rau koj.Hu rau 1-855-905-3825 (TTY: 711), 8:00 teev sawv ntxov txog 8:00 teev tsaus ntuj, xya hnub hauv ib lub as thiv.Qhov hu xov tooj no yog hu dawb xwb.

Español (Spanish):
ATENCIÓN: Si usted habla español, hay a su disposición servicios de asistencia de idiomas sin costo. Llame al 1-855-905-3825 (TTY: 711), de 8:00 a.m. a 8:00 p.m., los siete días de la semana. La llamada es gratuita.

Tiếng Việt (Vietnamese):
LƯU Ý: Nếu quý vị nói tiếng Việt, chúng tôi sẽ cung cấp miễn phí dịch vụ hỗ trợ ngôn ngữ cho quý vị. Gọi số 1-855-905-3825 (TTY: 711), 8 giờ sáng đến 8 giờ tối, bảy ngày trong tuần. Cuộc gọi này miễn phí.

Tagalog (Tagalog):
PAUNAWA: Kung nagsasalita kayo ng Tagalog, may mga available na libreng serbisyo ng tulong sa wika para sa inyo. Tumawag sa 1-855-905-3825 (TTY: 711), 8:00 a.m. hanggang 8:00 p.m., pitong araw sa isang linggo. Libre ang tawag.

العربية (Arabic):
تنبيه: إذا كنت تتحدث اللغة العربية، يتوفر لك خدمات المساعدة اللغوية المجانية. اتصل على الرقم 1-855-905-3825 (TTY: 711)، من الساعة 8:00 صباحًا إلى 8:00 مساءً طوال أيام الأسبوع. علمًا بأن هذه المكالمة مجانية.

ພາສາລາວ (Laotian):
ສິ່ງສຳຄັນ: ຖ້າທ່ານເວົ້າພາສາລາວ,ແມ່ນມີບໍລິການຊ່ວຍເຫຼືອທາງດ້ານພາສາບໍ່ເສຍຄ່າໃຫ້ທ່ານ. ໂທຫາເບີ 1-855-905-3825 (TTY: 711), 8:00 ໂມງເຊົ້າ ຫາ 8:00 ໂມງແລງ, ເຈັດວັນຕໍ່ອາທິດ. ການໂທແມ່ນບໍ່ເສຍຄ່າ.

日本語 (Japanese):
注意事項：日本語を話される場合、無料の言語支援をご利用いただけます。1-855-905-3825 (TTY: 711）まで、お電話にてご連絡ください。毎日午前 8 時から午後 8 時まで受け付けています。通話は無料です。

ภาษาไทย (Thai):
เรียน หากคุณพูดภาษา ภาษาไทย เรามีบริการความช่วยเหลือด้านภาษาให้แก่คุณโดยไม่มีค่าใช้จ่าย โทร 1-855-905-3825 (TTY: 711) 8:00 น. ถึง 20:00 น. ได้ตลอดเจ็ดวันต่อสัปดาห์ โทรฟรี ไม่มีค่าใช้จ่าย

ਪੰਜਾਬੀ (Punjabi):
ਸਾਵਧਾਨ : ਜੇ ਤੁਸੀਂ [ਪੰਜਾਬੀ] ਬੋਲਦੇ ਹੋ, ਤਾਂ ਤੁਹਾਡੇ ਲਈ ਮੁਫਤ ਭਾਸ਼ਾ ਸਹਾਇਤਾ ਸੇਵਾਵਾਂ, ਉਪਲਬਧ ਹਨ | ਕਾਲ ਕਰੋ 1-855-905-3825 (TTY: 711), ਸਵੇਰੇ 8:00 ਵਜੇ ਤੋਂ ਸ਼ਾਮ 8:00 ਵਜੇ ਤੱਕ, ਹਫ਼ਤੇ ਦੇ ਸੱਤ ਦਿਨ |711), ਸਵੇਰ ਦੇ 8 ਵਜੇ ਤੋਂ ਲੈ ਕੇ ਰਾਤ ਦੇ 8 ਵਜੇ ਤਕ, ਹਫ਼ਤੇ ਦੇ ਸੱਤ ਦਿਨ. ਕਾਲ ਫ੍ਰੀ ਹੈ |

ខ្មែរ (Khmer):
ចាប់អារម្មណ៍៖ បើសិនអ្នកនិយាយភាសាខ្មែរ សេវាជំនួយភាសា គឺមានសំរាប់អ្នក ដោយឥតគិតថ្លៃ។ ហៅ
1-855-905-3825 (TTY: 711) ម៉ោង 8:00 ព្រឹក ដល់ 8:00 យប់ ប្រាំពីរថ្ងៃមួយអាទិត្យ។ ហៅគឺឥតគិតថ្លៃទេ។

Հայերեն (Armenian):
ՈՒՇԱԴՐՈՒԹՅՈՒՆ՝ Եթե խոսում եք հայերեն, Ձեզ տրամադրելի են անվճար լեզվական օգնության ծառայություններ: Զանգահարեք 1-855-905-3825 (TTY՝ 711) համարով, 8:00-ից 20:00, շաբաթը յոթ օր: Հեռախոսազանգն անվճար է:

Українська (Ukrainian):

ЗВЕРНІТЬ УВАГУ! Якщо Ви розмовляєте українською, ми можемо запропонувати Вам безкоштовні послуги мовної підтримки. Телефонуйте 1-855-905-3825 (TTY: 711) з 8:00 до 20:00 без вихідних. Дзвінок безкоштовний.

Mienh (Mien):
TOV JANGX LONGX OC: Beiv taix meih gorngv Mienh waac nor, ninh mbuo gorn zangc duqv mbenc nzoih wang-henh nzie weih faan waac bun meih muangx maiv zuqc feix liuc cuotv zinh nyaanh. Douc waac lorx taux 1-855-905-3825 (TTY: 711), 8:00 diemv ziangh hoc lungh ndorm mingh taux 8:00 ziangh hoc lungh muonz, yietc norm liv baaiz se koi nzoih siec hnoi. Naaiv norm douc waac gorn se wang-henh longc maiv zuqc feix liuc cuotv zinh nyaanh.

Kung kailangan mo ang dokumentong ito sa isa pang wika o kahaliling format, katulad ng malaking print, braille, o audio, o kung kailangan mo ng tulong na maintindihan ang sulat na ito, mangyaring tawagan ang Health Care Options sa 1-844-580-7272, Lunes hanggang Biyernes mula 8 a.m. hanggang 6 p.m. Tawagan ang 1-800-430-7077 kung ikaw ay gumagamit ng TTY. Makukuha mo ang impormasyong ito nang libre.

Ang Diskriminasyon ay Labag sa Batas

Ang Blue Shield Promise Cal MediConnect Plan ay sumusunod sa mga naaangkop na batas ng estado at mga batas ng pederal at hindi ito nagdidiskrimina, nagbubukod ng mga tao o tinatrato sila nang naiiba, sa batayan ng lahi, kulay, bansang pinagmulan, pagkakakilanlan ng etnikong grupo, kondisyong medikal, henetikong impormasyon, lipi, relihiyon, katayuan sa pag-aasawa, kasarian, pagkakakilanlan ng kasarian, sekswal na oryentasyon, edad, mental o pisikal na kapansanan.

Ang Blue Shield Promise Cal MediConnect Plan ay nagbibigay ng:

- Libreng mga tulong at serbisyo para sa mga taong hirap makipag-usap nang epektibo sa amin, katulad ng:
    - Mga kwalipikadong tagasalin ng sign language
    - Nakasulat na impormasyon sa iba pang mga format (malaking letra, audio, magagamit na elektronikong format, iba pang mga format)
- Libreng mga serbisyo ng wika sa mga tao na ang pangunahing wika ay hindi Ingles, katulad ng:
    - Kwalipikadong mga tagasalin
    - Nakasulat na impormasyon sa iba pang mga wika

Kung kailangan mo ang mga serbisyong ito, makipag-ugnayan sa Tagapag-ugnay ng mga Karapatang Sibil ng Blue Shield Promise Cal MediConnect Plan.

Kung naniniwala kang nabigo ang Blue Shield Promise Cal MediConnect Plan na magbigay ng mga serbisyong ito o nagdiskrimina sa ibang paraan sa batayan ng lahi, kulay, bansang pinagmulan, pagkakakilanlan ng etnikong grupo, medikal na kondisyon, henetikong impormasyon, lipi, relihiyon, katayuan sa pag-aasawa, kasarian,

pagkakakilanlan ng kasarian, sekswal na oryentasyon, edad, mental o pisikal na kapansanan, maaari kang maghain ng hinaing sa:

Blue Shield Promise Cal MediConnect Plan
Civil Rights Coordinator
601 Potrero Grande Dr.
Monterey Park, CA 91755
Telepono: (844) 883-2233 (TTY: 711)
Fax: (323) 889-2228
Email: BSCPHPCivilRights@blueshieldca.com

Maaari kang personal na maghain ng hinaing o sa pamamagitan ng koreo, fax o email. Kung kailangan mo ng tulong sa paghahain ng hinaing, ang Tagapag-ugnay ng mga Karapatang Sibil ay available upang tulungan ka.

Maaari ka ring magsampa ng reklamong karapatang sibil sa U.S. Department of Health and Human Services (Kagawaran ng Kalusugan at mga Serbisyong Pantao), Tanggapan para sa mga Karapatang Sibil, sa elektronikong pamamaraan sa Portal ng Reklamo ng Tanggapan para sa mga Karapatang Sibil, na makukuha sa https://ocrportal.hhs.gov/ocr/portal/lobby.jsf, o sa pamamagitan ng koreo o telepono sa:

U.S. Department of Health and Human Services
200 Independence Avenue, SW
Room 509F, HHH Building
Washington, D.C. 20201
1-800-368-1019, (TTY 800-537-7697)
Portal ng Reklamo: https://ocrportal.hhs.gov/ocr/cp/wizard_cp.jsf

Ang mga form ng reklamo ay makukuha sa http://www.hhs.gov/ocr/office/file/index.html.